IKALABIN LIMANG KONGRESO NG REPUBLIKA )
NG PILIPINAS )
*Unang Regular na Sesyon* )

**SENADO**

P.S. Res. No. 31

Ipinanukala ni KGG. MANUEL "LITO" M. LAPID

**RESOLUSYONG**
**NAGTATADHANA SA PAGSALIN SA WIKANG PAMBANSA NG RULES OF THE SENATE AT KILALANIN ITO NG SENADO BILANG OPISYAL NA PANUNTUNAN SA WIKANG FILIPINO**

*SAPAGKAT,* itinatadhana ng ika-labing apat na Artikulo ng Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas ang mga sumusunod:

> ***"SEKSYON 6. Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nililinang, ito ay dapat payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na wika sa Pilipinas at sa iba pang mga wika.***
>
> ***Alinsunod sa mga tadhana ng batas at sang-ayon sa nararapat na maaring ipasya ng Kongreso, dapat magsagawa ng mga hakbangin ang Pamahalaan upang ibunsod at puspusang itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng opisyal na komunikasyon at bilang wika ng pagtuturo sa sistemang pang-edukasyon.***
>
> *SEKSYON 7.* ***Ukol sa mga layunin ng komunikasyon at pagtuturo, ang mga wikang opisyal ng Pilipinas ay Filipino at, hangga't walang ibang itinadhana ang batas, Ingles."***

*SAPAGKAT,* ang Senado ay isang napakahalagang pampublikong institusyon ng pakikipagtalastasan, pamamahala at paglilingkod;

*SAPAGKAT,* ang Rules of the Senate, simula ng ito ay unang maipagtibay sa ilalim ng kasalukuyang saligang batas noong ika-27 ng Hulyo 1987, ay opisyal na inilimbag at isinulat sa wikang Ingles;

*SAPAGKAT,* ang wikang Filipino bilang pangunahing wika ng ating bansa ay nararapat magamit bilang wika ng alituntunin na gagabay sa institusyon ng Senado;

*SAPAGKAT,* ang alituntunin ng Senado sa Wikang Filipino ay inaasahang higit na makakapagbigay linaw at unawa sa pamamalakad ng institusyon;

*SAPAGKAT,* ang pagsalin sa wikang Filipino ng Rules of the Senate, at ng iba pang pangunahing mga dokumento at alituntunin ng Senado ay makakatulong ng malaki sa pag-angat ng kalidad ng talakayan at komunikasyon sa pagitan ng mga kasapi ng Mataas na Kapulungan at ng publiko;

*SAPAGKAT,* sa mungkahi ng inyong lingkod, ang kalakip na "Rules of the Senate" ay isinalin sa wikang Filipino ng Komisyon sa Wikang Pambansa;

***NGAYON, SAMAKATUWID, PINAGTITIBAY*** ng Senado, gaya ng pinagtitibay ngayon, na isalin sa wikang pambansa ang Rules of the Senate;

***PINAGTIBAY DIN,*** ang pagbuo ng isang ad-hoc na komite ng Senado na mangangasiwa sa implementasyon ng Resolusyong ito sa loob ng hindi hihigit sa animnapung (60) araw pagkalipas ng pagkabuo ng nasabing ad-hoc na komite ng Senado.

***Pinagtibay,***

**MANUEL "LITO" M. LAPID**